



جمعية الدعوة نور
الدعوة للجميع

جمعية الدعوة والارشاد وتوعية الجاليات بغرب الدمام " نور "

الكتب الألكترونية

ANG TAHARAH
AT SALAH

الطهارة و الصلاة

باللغة الفلبينية

055826111

t3awni_noor



Ang Taharah at Ang Salah

Naghanda:

Zulfi Foreigner's guidance Office

Inilimbag at inilathala ng:

**Ministry of Islamic Affairs and Endowment,
Guidance and Propagation
Kingdom of Saudi Arabia**

1434 H / 2013 M

وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد، ١٤٢٧ هـ

ح

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

الطهارة والصلاة. / شعبة توعية الجاليات في الزلفي
الرياض، ١٤٢٧ هـ

٨٤ ص؛ ١٢ × ١٧ سم.

ردمك: ٩٩٦٠-٢٩-٥٨٥-٠

١- الصلاة (النص باللغة الفلبينية)

٢- الطهارة (فقه إسلامي) أ- العنوان

١٤٢٧/٥٣٥٣

ديوي ٢٥٢،٢

رقم الإيداع: ١٤٢٧/٥٣٥٣

ردمك: ٩٩٦٠-٢٩-٥٨٥-٠

الطبعة الثامنة

١٤٣٤ هـ

أحكام الطهارة

Ang mga Alituntunin sa Tahārah

Ang Tahārah at ang Najāsah

Sa pagsasagawa ng *tahārah*¹ na ginagamitan ng tubig, gaya ng ulan, dagat at iba pa.² Ipinahihintulot ding gamitin ang tubig na *musta'mal*³ sa pagsasagawa ng *tahārah* at gayon din ang tubig na nahaluan ng isang bagay na *tāhir*⁴ at nanatiling tubig, na hindi nagbago sa pagiging tubig. Ang nahaluan ng *najis*⁵ ay hindi na ipinahihintulot na gamitin sa pagsasagawa ng *tahārah* kapag nabago ng *najāsah*⁶ ang lasa ng tubig o ang amoy nito o ang kulay nito. Kung wala namang nabagong anuman doon, ipinahihintulot na gamitin iyon sa pagsasagawa ng *tahārah*. Ipinahihintulot ding gamitin ang natirang

¹ Ang hinihiling na kalinisan o paglilinis bago magsagawa ng pagsamba.

² Gaya ng tubig na galing sa niyebe, balon, bukal, batis, ilog, sapa at lawa.

³ Ang nagamit na sa pagsasagawa ng *tahārah*. Maaaring gamitin ngunit hindi madalas; ginagamit lamang ito kapag kinapos ng tubig.

⁴ Anumang bagay na hindi itinuturing ng *Sharī'ah* na nakapagpaparumi o marumi.

⁵ Anumang bagay na itinuturing ng *Sharī'ah* na marumi at nakapagpaparumi.

⁶ Anumang bagay na *najis* o ang itinuturing ng *Sharī'ah* na karumihan.

tubig sa lalagyan matapos inuman, maliban sa ininuman ng aso at baboy sapagkat ito ay najis na. Ang najāsah ay bagay na kailangang iwasan ng isang Muslim at hugasan ang anumang kumapit sa kanya mula rito. Kailangang hugasan ang damit at katawan kapag nadiitan o nakapitan ng najāsah nang sa gayon ay maaalis ito sa mga iyon. Kung ang najāsah ay nakikita gaya ng dugo, at may matira pang bakas na mahirap maalis kahit matapos hugasan o labahan ay walang masama doon. Subalit kung ang najāsah ay hindi nakikita, sapat nang ito ay hugasan kahit isang beses lamang.

Ang lupa, kapag nalagyan ng najāsah, ay nagiging *tāhir* sa pamamagitan ng pagbubuhos ng tubig dito. Nagiging *tāhir* din ang lupa kapag natuyo ang najāsah kung ito ay likido. Subalit kung ang najāsah ay solido, ang lupa ay hindi magiging *tāhir* kung hindi maaalis ang najāsah.

Ilang Alituntunin Hinggil sa Najāsah

1. Kapag nakapitan ang isang tao ng isang bagay na hindi niya malaman kung ito ay najis o hindi, hindi na niya kailangang usisain pa ito at hindi na rin niya kailangang hugasan pa.

2. Kapag nakatapos magsagawa ng ṣalāh ang isang tao at may nakita siyang najāsah sa katawan o damit, ngunit hindi niya nalaman iyon bago nagsagawa ng ṣalāh, o nalalaman nga niya ngunit nakalimutan, ang kanyang ṣalāh ay tanggap pa rin.
3. Kung hindi makita ang kinapitan ng najāsah sa damit, kailangang labahan o hugasan ang buong damit.
4. Ang najāsah ay maraming uri:
 - a. Ang ihi at ang dumi.
 - b. Ang wady. Ito ay malapot na puting likidong lumalabas pagkatapos umiihi.
 - k. Ang madhy. Ito ay malagkit na puting likidong lumalabas sa ari sa sandali ng matinding pagnanasang seksuwal.
 - d. Ang wady at madhy ay najāsah na kailangang hugasan at labahan ang bahagi ng katawan at kasuutan na nakapitan nito. Ang manī (semen) ay ṭāhir ngunit kanais-nais na hugasan kapag ito ay basa pa at kuskusin kapag tuyo na.

- e. Ang ihi at ang dumi ng hayop na ipinagbabawal kainin sa Islam ay najis, ngunit ang ihi at ang dumi ng hayop na ipinahihintulot kainin ay hindi najis.¹

- g. Ang ihi, dumi, dugo, nana at suka ng tao ay najis.

Mga Paraan ng Pag-aalis ng Najāsah

1. **Mula sa katawan at damit.** Hugasan ng tubig hanggang sa walang makitang marumi. Kung mahirap alisin ang lahat ng dumi at may bahagyang bahid na maiiwan sa damit matapos labahan, maaari na ito. Ang halimbawa ng ganoong bahid na nananatili ay ang mantsa ng mga nilabhang may dugo. Kung hindi alam ang dahilan ng pagkabasa ng kasuutan lalo na sa gabi, hindi dapat mabahala o sumangguni pa tungkol dito.

2. **Mula sa Lupa.** Ang lupang nagkaroon ng najāsah ay magiging *tāhir* kapag nabuhusan ng tubig. Nagiging *tāhir* din ito kapag natuyo ang najāsah, kung ang najāsah na ito ay likido. Kung

¹ Itinatugibilin pa ring hugasan ang bahagi ng katawan o kasuutan na nakapitan nito.

ang najāsah ay solido, hindi magiging tāhir ang lupa hanggang hindi ito naalis.

3. **Mula sa Sapatos.** Nilliinis sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelas sa lupa o sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelas sa isa't isa hanggang sa walang makitang dumi.

Ilang Kaasalan sa Paggamit ng Palikuran

1. Bago pumasok sa palikuran ay magsasabi ng ganito: **bismillāh, allāhumma innī a'ūdhu bika minal khubthi wal khabā'ith.**¹ Inuuna ang kaliwang paa sa pagpasok sa palikuran. Pagkalabas ay magsasabi naman ng **ghufrānak.**² Inuuna naman ang kanang paa sa paglabas.
2. Hindi magdala sa loob ng palikuran ng anumang bagay na may nakasulat na pangalan ni Allah maliban na lamang kung nangangambang mawawala kapag iniwan sa labas.

¹ Sa ngalan ni Allah. O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa masama at mga demonyo.

² Hinihingi ko po (Allah) ang Iyong kapatawaran.

3. Ang hindi pagharap o pagtalikod sa Qiblah kapag ihi o dudumi sa disyerto o ilang.
4. Ang pagtatakip ng 'awrah¹ sa harap ng ibang tao at hindi pagpapabaya sa bagay na ito. Ang 'awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang kanyang buong katawan, maliban sa mukha kapag nagsasagawa ng salāh.
5. Ang pag-iingat na hindi madikitan ang katawan o kasuutan ng ihi o dumi.
6. Ang paglilinis ng sarili sa pamamagitan ng tubig matapos umihi o dumumi, o sa pamamagitan ng paggamit ng papel o bato at iba pang katulad nito upang maalis ang bakas ng najāsah (sanhi ng ihi at dumi) kapag walang tubig, at ang paggamit ng kaliwang kamay sa paglilinis.
7. Kailangan panatilihin ang katahimikan sa loob ng palikuran. Maaring magsalita kung

¹ Ang 'awrah ng lalaking nasa wastong gulang ay ang bahagi ng katawan sa pagitan ng pusod at tuhod. Ang 'awrah naman ng babaing nasa wastong gulang ay ang buong katawan. May mga iskolar ng Islam na nagsasabing kasama sa 'awrah ng babae ang mukha at kamay kaya dapat ding takpan at mayroon namang nagsasabing hindi kasama ang mukha at kamay kaya hindi kailangang takpan.

kailangang magbigay ng babala sa iba kung may panganib o iba pa.

8. Higit na mainam kung iihing naka-upo upang hindi matalisan ng ihi ang kasuotan.
9. Ang mga lugar na karaniwang ginagamit kagaya ng daan, tagpuang lugar o lugar na may lilim na madalas na sinisilungan ng madla ay hindi dapat dumihan o ihian.
10. Kailangan hugasan ang mga kamay matapos gumamit ng palikuran. Kung walang sabon, maaaring linisin ang mga kamay sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga ito sa lupa o sa buhangin.

Ang Wudū'

Hindi tanggap ang ṣalāh na walang wudū'¹ sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS):

“Hindi tatanggapin ni Allah ang ṣalāh ng sinuman sa inyo kapag nawalan ng saysay ang kanyang

¹ Ang wudū' ay ang kinakailangang paghuhugas bago magsagawa ng ṣalāh upang maging tanggap ang ṣalāh. Kailangan din ang wudū' kapag magsasagawa ng ṭawāf sa Ka'bah at kapag hihipuin ang talata ng Qur'an. Ang ṭawāf ay ang pag-ikot ng pitong ulit sa palibot Ka'bah.

wudū' hangga't hindi siya nagsasagawa ng wudū'."

Ang wudū' ay ang paghuhugas na kinakailangan upang maging tanggap ang ṣalāh. Kailangan din ang wudū' kapag magsasagawa ng Tawaf (pag-ikot ng pitong ulit) sa palibot ng Ka'bah at kapag hihipuin ang talata ng Qur'an.

Kailangang ayon sa pagkasunod-sunod at tuloy-tuloy ang pagsasagawa ng wudū'. Sunnah din na magtipid sa tubig. Sa isang Hadīth na isinalaysay ni Ibnu Mājah, ang Propeta (SAS) ay nakakita ng isang lalaking nagsasagawa ng wudū' kaya nagsabi siya rito:

"Huwag kang magsayang, huwag kang magsayang [ng tubig]."

Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Wudū'

1. Isasapuso ang nīyah (hangarin) na magsasagawa ng wudū' nang hindi na ito binibigkas. Ang nīyah ay ang pagpapasya ng isip na gawin ang isang bagay. Pagkakatapos ay magsasabi ng **bismillāh**.
2. Huhugasan ang mga kamay nang tatlong beses.

3. Magmumumog at suminghot ng kaunting tubig at pagkatapos ay isisinga ang tubig na ipinasok sa ilong. Gagawin ito nang tigtatatlong beses.
4. Huhugasan ang mukha nang tatlong beses: magmula sa isang tainga hanggang sa kabilang tainga, at mula sa mga tinutubuan ng mga buhok sa noo hanggang sa dulo ng balbas.
5. Huhugasan nang tigtatatlong beses ang kamay at braso mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa siko. Magsimula sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa.
6. Hahaplin ang ulo nang isang beses. Babasain ang mga kamay at pagkatapos ay ihahaplos mula unahan ng ulo (sa tinutubuan ng buhok sa noo) hanggang sa hulihan nito (sa tinutubuan ng buhok sa batok) at ihaplos pabalik sa unahan ng ulo.
7. Hahaplin nang isang beses ang mga tainga: ipapasok ang mga hintuturo sa butas ng mga tainga habang ang likod ng mga tainga ay hinahaplos ng hinlalaki.
8. Huhugasan ang mga paa nang tatlong beses mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa

bukong-bukong. Magsimula sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa.

9. Pagkatapos nito ay manalangin ng panalanging ito na nasasaad sa Hadīth: *ash'hadu allā ilāha illallāh, wahdahu lā sharīka lah, wa ash'hadu anna Muhammadar rasūlullāh.*¹

Ang Pagpupunas sa Medyas

Bahagi ng kaluwagan at kagaanan ng Relihiyong Islam ay ipinahintulot nito ang pagpupunas sa ibabaw ng suot na medyas (sa halip na hubarin at hugasan ang paa). Ito ay napatunayang ginawa ng Propeta (SAS). Subalit may kundisyon ang pagpupunas sa medyas: kailangang isuot ito habang hindi pa nawawala ang bisa ng wuḍū'. Ang pagpupunas ay sa ibabaw lamang at hindi pupunasan ang suwelas nito. Ang haba ng panahon na ipinahihintulot ang pagpapahid (mula nang unang pahiran ang suot na medyas) ay isang araw at isang gabi (24 oras) para sa hindi naglalakbay at tatlong araw at tatlong gabi (72 oras) para sa isang musāfir (naglalakbay). Nawawala ang bisa ng pagpapahid kapag natapos na ang takdang panahon nito, o kapag

¹ Sumasaksi ako na walang totoong Diyso kundi si Allah; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah.

hinubad na ang mga medyas matapos napunasan, o kapag naging *junub*¹ ang nakasuot ng medyas dahil kailangang hubarin na ito para magsagawa ng ghusl.

Mga Nakapagpapawalang-bisa sa Wudū'

Ang lahat ng lumalabas sa labasan ng ihi at dumi ay nakasisira sa wudū', gaya ng ihi, dumi, utot, manī (semen), madhy at wady. Kapag manī ang lumabas ay kailangan nang magsagawa ng ghusl. Ang mga sumusunod ay nakapagpapawalang-bisa rin sa wudū':

1. Pagkatulog nang mahimbing,
2. Paghawak sa ari na hindi nahahadlangan ng anumang kasuutan,
3. Pagkain ng karne ng kamelyo,
4. Pagkawala ng malay,
5. Pagsuka.

Mga Gawaing Di-nakasisira sa Wudū'

1. Ang paghawak ng isang lalaki sa babae o ng babae sa lalaki,

¹ Naging *junub* ang isang tao kapag nakipagtalik siya, kapag may lumabas na *semen* sa kanya kalakip ng pagnanasang seksuwal, kapag dumating ang buwanang dalaw ng isang babae at habang may *nifās* (pagdurugo sanhi ng panganganak).

2. Ang pag-agos ng dugo (hindi marami) sa oras ng pagdarasal.
3. Ang pagdududa kung nawalan na ng bisa ang huling ginawang wudū' ay hindi nakakasira sa wudū' kaya't hindi na kailangan na muling magsagawa ng wudū'.

Ang Walang Tigil na Pagkasira ng Wudū'

Dahilan sa karamdaman, maaaring hindi makayang pigilin ng isang tao ang paglabas sa katawan niya ng bagay na nakasisira sa wudū' gaya ng ihi o utot. Kahit sa oras ng pagdarasal ay maaaring hindi niya mapigilan ang paglabas ng mga ito. Ang pangkalahatang kautusan sa ganitong situwasyon ay kailangang linisin niya ang sarili niya at magsagawa kaagad ng wudū' tuwing bago magsagawa ng ṣalāh. Ang hindi mapigilang paglabas matapos isagawa ang wudū' ay mapapatawad kung ang dahilan ay ang karamdaman.

Ang Ghusl

Ang ghusl ay pagbubuhos ng tubig sa buong katawan sa layuning magsagawa ng ṭahārah: kailangang hugasan ang lahat ng bahagi ng katawan,

kasama na rito ang pagmumumog at pagsinga sa tubig na ipinasok sa ilong. Nagiging sapilitan ang ghusl kapag nangyari ang isa sa limang ito:

1. Ang paglabas ng manī ng lalaki o babae,¹ nang may kasamang pagnanasang seksuwal, gising man o tulog; ngunit kapag lumabas ang manī nang walang kasamang pagnanasang seksuwal, hindi na kailangang magsagawa ng ghusl. Kapag nanaginip na nakikipagtalik at wala namang nakitang may lumabas na manī, hindi na rin kailangang magsagawa ng ghusl; kailangan lamang ang ghusl kapag may nakitang likido.
2. Ang pagtatagpo ng mga ari ng lalaki at babae: ang pagpasok ng dulo ng ari ng lalaki sa puwerta ng ari ng babae, kahit pa man walang nangyaring paglabas ng manī.
3. Ang paghinto ng regla at nifās: pagdurugo dahil sa pagsilang.

¹ Ang *manī* para sa babae ay ang kulay puting malabnaw na likido na kadalasang lumalabas kapag nikipagtalik o nanaginip na nakikipagtalik. Iba ito sa regular na pamamasa (*wetness*) na dinaranas ng babae o sa *vaginal discharge*.

Ang unang tatlong nabanggit na kalagayan na nagiging sapilitan ang ghusl ay tinatawag na janabah at ang babae o lalake na nasa ganitong kalagayan ay tinatawag na junub o taong nasa kalagayang janaba. Matatapos lamang ang pagiging junub matapos magsagawa ng ghusl o tayammum.

4. Ang kamatayan, sapagkat kailangang paliguan ang patay.
5. Kapag yumakap sa Islam ang Kāfir, kailangang magsagawa siya ng ghusl.

Ang mga Ipinagbabawal sa Junub

1. Ang paghawak at pagdadala ng kopya ng Qur'ān at ganoon din ang pagbigkas ng talata buhat sa Qur'ān—may tunog man o walang tunog, buhat sa memorya man o direktang pagbabasa mula sa Qur'ān.
2. Ang pananatili sa loob ng masjid: hindi ipinahihintulot sa junub ni sa nirregla, ngunit ang pagdaan sa loob ay walang masama.
3. Ang pagsasagawa ng salāh at tawāf.

Gayon pa man, maaaring hawakan o dalhin ang ibang mga aklat na naglalaman ng mga talata ng Qur'ān. Samakatuwid, hindi kabilang sa ganitong pagbabawal ang mga aklat ng komentaryo ng Qur'ān o mga aklat sa Batas ng Islam o ano pa mang aklat na may sipi buhat sa Qur'ān. Dala ng pangangailangan, ang gurong babae o estudyanteng babae na nasa sandali ng pagreregla ay maaaring bumasa ng Qur'ān kapag nagtuturo o nag-aaral ng Qur'ān.

Kailan Kanais-nais ang Ghusl

Ang ghusl ay hindi lamang sapilitan sa ilang mga pagkakataon, ito ay lubhang kanais-nais din na gawin sa mga sumusunod:

1. Kapag dadalo sa ṣalātul jumu'ah (ṣalāh tuwing Biyernes).
2. Kapag natapos sa pagpapaligo ng patay.
3. Bago magsuot ng Ihrām para magsagawa ng 'Umrah o Hajj.

Mga Kailangan sa Pagsasagawa ng Ghusl

May dalawang kinakailangan lamang sa pagsagawa nito. Una, kailangang may hangarin bago isagawa ito, at hindi na kailangan na bigkasin pa ang hangarin. Pangalawa, kailangang padaluyan ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan, magmumog, maglinis ng ilong sa pamamagitan ng pagpapasok ng tubig sa loob nito at pagsinga. Para sa babae na magsasagawa ng ghusl, hindi na kailangang kalagin pa ang pagkatarintas ng mga buhok.

Mga Gawaing Kanais-nais sa Ghusl

Sa pagsasagawa ng ghusl, sundin ang sumusunod na paraan ng paglilinis sa mga bahagi ng katawan na ginawa noon ng Sugo:

1. Hugasan ang dalawang kamay.
2. Hugasan ang maselang bahagi ng katawan.
3. Magsagawa ng wudū' (ngunit huwag nang hugasan ang paa).
4. Buhusan nang tatlong ulit ang ulo, kuskusin ang buhok at hayaang dumaloy ang tubig upang maabot ang anit.
5. Buhusan ng tubig ang kanang bahagi ng katawan at saka isunod ang kaliwa.

Mga Tagubilin sa Pagsasagawa ng Ghusl

1. Hindi na kailangang magsagawa ng wudū' matapos maligo kahit na ang wudū' ay hindi isinagawa mula sa simula.
2. Maliban sa kabiyaq, kailangan ay huwag maghubad o maligo ang isang Muslim sa harap ng iba.

Ang Regla, ang Nifās at ang Istihādah

1. Ang Regla

Ito ay maaaring magkakaiba sa mga kulay; maaaring kulay **pula, matingkad na pula, dilaw** o maaari ring **walang kulay**. Kung mayroong kulay dilaw o walang kulay na likidong umaagos sa ano mang oras maliban pa sa regular na buwanang dalaw, ito'y hindi maituturing na regla. Walang itinakdang hangganan sa pinakamaikli o pinakamahaba na panahon ng regla. Ang bawat babae ay magkakaiba.

2. Ang Nifās

Ang nifās ay ang pagdurugong bunga ng pagdadalang-tao na maaaring lumabas bago, habang, at matapos magsilang. Walang pinakamaikling panahon ng nifās. Ngunit may mga pangyayaring ang pagdurugo matapos ng panganganak ay tumitigil kaagad. Kapag nagkaganoon, ang babae ay wala na sa katayuan ng nifās. Maaari na siyang maligo at magpatuloy sa kanyang pagdarasal o pag-aayuno kung ito ay buwan ng Ramadān. Ayon sa karamihan ng mga Iskolar ng Islam, ang pinakamatagal na panahon ng nifās ay apatnapung araw. Samakatuwid, kahit na ang pagdurugo dahil sa panganganak ay patuloy pa rin pagkatapos ng apatnapung araw, ang babae ay hindi na maituturing na nasa katayuan ng nifās.

3. Ang Istihādah

May mga babae na bagaman hindi panahon ng kanilang regla o nifās ay dinudugo pa rin. Ang ganitong uri ng pagdurugo na hindi regla o nifās ay tinatawag na Istihādah. Sa ganitong uri ng pagdurugo, kailangang huwag ihinto ng isang babae ang kanyang ṣalāh o pag-aayuno. Maaari niyang maitakda ang panahon ng kanyang regla o nifās sa

pagbatay sa tatlong paraan ng pagtatakda na ilalahad sa ibaba.

- A.** Kung alam ng isang babae ang dating karaniwan o regular na bilang ng araw ng kanyang regla, kailangang gawin niya itong pamantayan ng kanyang pagreregla. Matapos ang bilang ng mga araw na yaon (kahit may pagdurugo pa), kailangan na niyang maligo at magdasal. At kung ito'y buwan ng Ramadān, kailangang ipagpatuloy niya ang kanyang pag-aayuno.
- B.** Kung hindi niya alam ang bilang ng araw ng kanyang regla subalit nakikilala niya ang dugo ng regla sa ibang pagdurugo, kailangang ibilang niya ang karagdagang pagdurugo na hindi regla. Kaya matapos niyang makilala na ang uri ng pagdurugo ay regla (kadalasan kulay itim), pagkatapos tumigil nito, kailangang maligo na siya at ipagpatuloy ang pagdarasal. Sa ganitong pagkakataon, ang paligo sa bawat ṣalāh ay hindi na kailangan; ang wudū' ay sapat na.
- C.** Kung siya ay hindi kabilang sa alin man sa dalawang kategorya sa itaas, kailangang isagawa niya ang regular na paligo sa pamamagitan ng paghahambing ng kanyang regla sa regla ng

kanyang malapit na mga kamag-anak gaya ng kanyang ina o kapatid. Maaari rin niyang maibilang ang unang anim o pitong araw nang pagdurugo bilang kanyang regular na regla at pagkatapos nito ay saka siya maligo at ipagpatuloy ang ṣalāh at ang pag-aayuno kung ito'y buwan ng Ramadān.

Ang mga Bawal Kapag May Regla o Nifās

1. **Ang pagsasagawa ng ṣalāh.** Hindi na rin kailangang magsagawa pa ng Qadā' sa ibang mga araw.
2. **Ang pag-aayuno.** Sa pagkakataong ito, kailangang magsagawa ng Qadā' para sa araw o mga araw na hindi nakapag-ayuno.
3. **Ang pagsagawa ng Tawāf sa Ka'bah.**
4. **Ang pagbasa o paghawak ng Qur'ān.**
5. **Ang pakikipagtalik.** Ang mga gawain na hindi humahantong sa aktuwal na pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae ay pinahihintulutan, kahit pa iyon ay maging daan sa paglabas ng semen. Kung tumigil na ang regla o nifās, ang babae ay

kailangang maligo muna bago makipagtalik sa kanyang asawa.

Ang Sunanul Fitrah

Ang Sunanul Fitrah, bagaman hindi sapilitan, ay maituturing na gawaing kanais-nais. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pag-aalis ng buhok sa maselang bahagi ng katawan.
2. Ang pag-aalis ng buhok sa kilikili.
3. Ang pagpuputol sa mahabang kuko.
4. Ang pag-aayos ng buhok. Hindi dapat na ahitin ang isang bahagi lamang at itira ang ibang bahagi.
5. Ang pagpapatuli. Ang karamihan sa mga hukom ay naniniwala na ito ay sapilitan sa mga lalaking Muslim.
6. Ang pagpuputol sa mahabang bigote at hindi na kailangang ahitin.
7. Ang pagpapahaba ng balbas.

8. Ang pag-iwas sa pag-aalis ng puting buhok sa ulo o sa balbas.
9. Ang pag-iwas sa pagkukulay ng itim sa puting buhok.
10. Ang paggamit ng pabango, lalo na ang langis ng *musk*.¹

Ang Tayammum

Ipinahihintulot ang tayammum sa di-naglalakbay at sa musāfir (naglalakbay). Ito ay pamalit sa wudū' o ghusl kapag ang isa sa mga sumusunod na kadahilanan ay lumitaw:

1. Kapag walang makitang tubig matapos ang masidhing paghahanap—o kung mayroon man ay hindi makasasapat para sa wudū' o ghusl o bagaman malapit ang pinagkukunan ng tubig ay nangangambang baka may masamang mangyari sa sarili o sa ari-arian kapag umalis at kumuha ng tubig—ay dapat na magsasagawa na lang ng tayammum.

¹ Maaari lamang gumamit ng pabango ang isang babaeng Muslim kung siya ay nasa harap ng kanyang asawa o mga lalaking hindi niya maaaring maging asawa.

2. Kapag may sugat sa ilang bahagi ng katawan na kailangang hugasan, ito ay huhugasan pa rin ng tubig kapag magsasagawa ng wudū'. Ngunit kung ang paghuhugas ng tubig sa sugat ay makasasama, papahiran na lamang ang sugat: babasain ang kamay at ihahaplos nito sa sugat. Kung ang pagpapahid ay makasasama pa rin dito, magsasagawa na ng tayammum para rito: magsasagawa muna ng wudū'—huhugasan ang maaaring hugasan at ang bahagi na hindi maaaring hugasan o pahiran ay hahayaan—at pagkatapos ng wudū' ay magsasagawa ng tayammum.
3. Kapag ang tubig o ang klima ay lubhang malamig at nangangambang ang paggamit ng tubig ay baka makapinsala.
4. Kung may tubig man ngunit ito ay lubhang kailangan para sa inumin, magsasagawa na rin ng tayammum.

Ang Pagsasagawa ng Tayammum

1. Isasapuso ang hangaring magsasagawa ng tayammum.
2. Bibigkasin ang **bismillah**.

3. Itatapik nang isang beses ang mga palad sa tuyong lupa.¹
4. Ihahaplos nang isang beses ang mga palad sa mukha.
5. Ihahaplos ang kaliwang palad sa kanang kamay at pagkatapos ay ihahaplos naman ang kanang palad sa kaliwang kamay nang tig-iisang beses.

Ang nakasisira sa tayammum ay ang nakasisira rin sa wudū'. Nawawala ang bisa ng tayammum kapag nagkaroon na ng tubig ang isang walang tubig bago nagsagawa ng ṣalāh o samantalang ito ay nagsasagawa nito. Subalit kapag nakatapos na siyang magsagawa ng ṣalāh at saka pa lamang nagkaroon ng tubig, tanggap pa rin ang kanyang ṣalāh.²

¹ Maliban sa tuyong lupa, maaari rin ang kahit anong bagay na may alikabok gaya ng pader, bato, buhangin at iba pa.

² Nawawala rin ang bisa ng tayammum kapag ang mga hadlang sa pagsasagawa ng wudū' at ghusl ay nawala.

أحكام الصلاة

Ang mga Alituntunin sa Ṣalāh

1. Ang ṣalāh o pagdarasal ay ang ikalawang Haligi ng Islam. Ito ay tungkuling ginagampanan ng bawat Muslim at Muslimah na may sapat na gulang (15 taon pataas) at sapat na pag-iisip. Ang sinumang tumigil sa pagsagawa ng ṣalāh ay itinuturing na Kāfir ayon sa nagkakaisang hatol ng mga Iskolar ng Islam. Ito ang unang pananagutan ng tao sa Kabilang-buhay.
2. Ang pagsasagawa ng ṣalāh sa jamā'ah (kongregasyon) sa masjid ay tungkulin ng mga kalalakihan. Ang limang ṣalāh sa araw at gabi ay ang ṣalāh sa fajr (madaling araw), ṣalāh sa dhuhr (tanghali), ṣalāh sa 'aṣr (hapon), ṣalāh sa maghrib (paglubog ng araw) at ṣalāh sa 'ishā' (gabi). Itinatagubilin sa isang Muslim na mahinahon at panatag na pumunta sa masjid, at itinatagubilin ding magsagawa muna ng dalawang rak'ah na ṣalāh (ṣalāh ng pagbati sa masjid) bago maupo.

3. Kailangang takpan ang 'awrah sa pagsasagawa ng ṣalāh. Ang 'awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang kanyang buong katawan, maliban sa mukha kapag nagsasagawa ng ṣalāh. Ang pagharap sa Qiblah (ang dakong kinaroonan ng Makkah) ay isa rin sa kundisyon upang maging tanggap ang ṣalāh.
4. Kailangang isagawa ang ṣalāh sa takdang oras nito. Hindi tanggap ang ṣalāh na isinagawa bago sumapit ang takdang oras nito, maliban na lamang kung naglalakbay. Ipinagbabawal ang pagpapahuli sa pagsagawa ng ṣalāh sa takdang oras nito.

Ang Mga Oras ng Ṣalāh at Bilang ng Rak'ah

- Ang oras ng fajr ay nagsisimula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang bago sumikat ang araw.
- Ang oras ng dhuhr ay magmula sa paglihis ng araw sa katanghaliang-tapat hanggang sa ang isang bagay at ang anino nito ay bago maging magkasinghaba.
- Ang oras ng 'aṣr ay nagsisimula kapag ang isang bagay at ang anino nito ay magkasinghaba na hanggang bago lumubog ang araw.

- Ang oras ng maghrib ay nagsisimula kapag lumubog na ang araw hanggang bago maglaho ang takipsilim o pamumula sa langit na siyang resulta ng paglubog ng araw.
- Ang oras ng 'ishā' ay nagsisimula kapag naglaho na ang takipsilim hanggang bago maghatinggabi.

Ang 'Ibādāt at ang Mu'āmalāt

Ang mga gawain sa Islam ay nahahati sa dalawang pangunahing uri: ang 'Ibādāt at ang Mu'āmalāt. Ang 'Ibādāt (mga pagsamba) ay ang mga rituwal at tungkulin na may kinalaman sa pagsamba na tulad ng ṣalāh, Zakāh, Ṣawm, at Hajj. Ang Mu'āmalāt (mga Pakikitungo) ay sumasaklaw naman sa mga gawain na may kaugnayan sa pakikitungo ng isang tao sa kanyang kapwa tao, pamilya, lipunan, at Sambayanang Muslim sa kabuuan, maging ito man ay may kinalaman sa pulitika o ekonomiya o kultura o batas, o mga alituntunin sa moralidad, maging pambansa o pandaigdigang man. Ang Mu'āmalāt kapag ginagampanan para sa pagsunod sa batas ni Allāh ay magiging isang uri na rin ng pagsamba sa pangkalahatang kahulugan. Hindi ilalahad ng aklat na ito ang buong detalye ng Mu'āmalāt. Para sa

detalyadong kaalaman hinggil sa Mu'āmalat, mangyaring sumangguni sa isang marunong sa Islam na mapagkakatiwalaan ang kanyang karunungan sa Islam o sa isang aklat na tumatalakay sa mga batas ng Islam.

Bakit Kailangang Magsagawa ng Salāh

Marami at malawak ang mga dahilan ngunit ito ang ilan:

1. Sapagkat ang pagsasagawa ng *ṣalāh* ay isa sa pinakadakilang mga uri ng pagsamba kay Allāh na ibig Niyang gawin natin.
2. Bilang pagpapasalamat natin sa Kanya dahil nilalang Niya tayo sa pinakamataas na antas.
3. Dahil Kanya tayong pinatnubayan sa Islam.
4. Nang sa gayon ito'y magsilbing isang pagkakataon para sa ating mga Muslim upang maiparating natin sa Kanya ang ating mga nararamdaman at pangangailangan.
5. Bilang paggunita sa Kanya upang hindi natin Siya malimutan at hindi rin natin malimutan ang mga

ipinag-uutos Niya sa atin dito sa ating pansamantalang buhay sa mundo.

6. Upang tayo'y manalangin sa Kanya na nawa'y tulungan at patnubayan Niya tayo sa tuwina sa mga dumarating na mga pagsubok sa ating buhay.
7. Upang paghandaan natin ang Araw ng Paghuhukom, ang araw na atin Siyang makakatagpo, upang makamit natin ang mga magagandang gantimpalang ikagagalak natin at nararapat para sa atin na inihanda Niya alang-alang sa atin: ang Hardin ng kaligayahan na walang hanggan.
8. Upang maging matatag ang ating pagmamahal at takot sa Kanya nang sa gayon ay manatili tayo sa pagiging matuwid at masunurin sa mga katuruan ng Islam gaya halimbawa ng mga batas nito at kagandahang asal na itinuturo nito.
9. Upang ang ating *ṣalāh* ay magsilbing mabuting gawain na sa pamamagitan nito ay pagtatakpan Niya ang mga nagawa nating kasalanan.
10. Ang *ṣalāh* ay isang gawain na kung pagbubutihin ang pagtupad nito ay makapagdudulot sa mga Muslim ng kapakinabangang pampisikal, pang-

ispirituwal at pangmoralidad. Itinataguyod din ng ṣalāh ang kalinisan, ang kalusugan, ang kaayusan, ang disiplina, ang kapatiran, ang pagkakapantay-pantay, ang panlipunang pagkakabuklod-buklod, at marami pang iba.

Ang Kasuutan sa Pagsasagawa ng Ṣalāh

Ang kasuutan ng lalake ay kahit matakpan man lamang ang bahagi ng katawan mula sa pusod hanggang sa tuhod. Kailangan din na mayroong takip ang mga balikat. Kailangang balot ang babae mula sa ulo hanggang sa paa, maliban sa mukha at kamay. Hindi rin katanggap-tanggap ang ṣalāh kapag ang suot na damit ay manipis at naaaninag ang katawan. Dapat ding iwasan ang masisikip na kasuutan na nagpapakita ng hubog ng katawan.

Paalala: Upang mabigkas nang wasto ang mga salitang Arabe, sumangguni sa isang marunong magsalita o bumigkas ng Arabe. Bago simulan ang susunod na paksa ay repasuhin muna ang *Gabay sa Pagbigkas* na nasa mga huling pahina ng aklat. Nasa pahina 71 ang salin o ang kahulugan sa Tagalog ng mga panalangin sa wikang Arabe at Sūratul Fātīhah na mababanggit dito.

Ang Pagsasagawa ng Salāh na may dalawang Raka'h (Fajr, Jumu'ah, Eid)

Kailangang isagawa ang salāh nang may kapanatagan at kababaang-loob. Ang pagtuturo ng salāh ay may kalakip na aktuwal na pagsasagawa nito at kailangang tiyakin na lubos itong natutuhan ng mga mag-aaral.

1. Ihaharap ng nagdarasal sa Qiblah ang buong katawan niya nang walang paglihis o paglingon.
2. Isalayunin sa puso ang salāh na ninanais na isagawa, nang walang kalakip na pagbigkas sa nīyah¹ nito.
3. Magsagawa ng takbiratul iḥram: magsasabi ng; **Allāhu akbar**² الله أكبر habang itinataas ang mga kamay [na nakabukas] nang pantay sa balikat o tainga.

¹ Ang nīyah ay ang layunin. May mga taong bumibigkas ng nīyah batay sa isang takdang anyo para sa isang takdang pagsamba subalit ang gawaing ito ay mali dahil kailanman hindi ito ginawa ng Sugo (SAS).

² Si Allah ay pinakadakila.

4. Ipatatong ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay na nasa dibdib. Tahimik na sasabihin ang istiftāh:

subhanaka'l-lahumma سبحانك اللهم وبمحمدك
wa bihamdika wa وتبارك اسمك وتعالى جدك ولا
tabaraka's-muka wa إله غيرك.
ta'ala jadduka wa la
ilaha ghayruk.¹

5. Tahimik na sasabihin ang isti'ādah: a'ūdhu billāhi minash shaytānir rajīm.

a'ūdhu billahi mina'sh أعوذ بالله من الشيطان الرجيم.
-shaytani'r-rajim.

6. Tahimik na sasabihin ang basmalah at ang Sūrah al-Fātihāh:

¹bismillāhi'r-rahmāni'r بسم الله الرحمن الرحيم
-rahīm,

¹ Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, at pagpupuri sa Iyo. Mapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos maliban sa Iyo.

² Sa ngalan ni Allah, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. ³ Ang lahat ng papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang; ⁴ Ang Pinakanaaawa, ang Maawain, ⁵ Ang Nagmamay-ari ng Araw ng Paggagantimpala. ⁶ Sa Iyo po lamang kami sumasamba at sa Iyo po lamang kami nagpapatulong. ⁷ Patnubayan Mo po kami sa tuwid na landasin: ⁸ ang landasin nilang biniyayaan Mo, hindi nilang kinagalitan at hindi ng mga naliligaw. (Amen)

² alḥamdu lillāhi rabbi'l 'ālamīn,	الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ (١)
³ arrahḥmāni'r-rahīm,	الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ (٢)
⁴ māliki yawmi'd-dīn,	مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ (٣)
⁵ īyyāka na'budu wa īyyāka nasta'īn,	إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ (٤)
⁶ ihdina's sirāta'l mustaqīm,	اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ (٥)
⁷ sirāta'l ladhīna an 'amta 'alayhim ghayri'l maghdūbi 'alayhim wa la'd dāllīn.	صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ (٦) غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَالضَّالِّينَ (٧)
āmīn ²	آمين

7. Bibigkas ng anumang [talata / kabanata] makakaya mula sa Qur'ān.¹
8. Magsasagawa ng rukū' (pagyukod): itataas ang mga kamay na nakabukas nang pantay sa balikat

¹ Kapag nagsasagawa ng ṣalāh na kasama ng imām (namumuno sa ṣalāh) ay hindi na bibigkas ng talata ng Qur'ān. Sapat na lamang na bigkasin nang tahimik ang Sūratul Fātiḥah matapos na ito ay bigkasin ng Imām.

habang nagsasabi ng **Allāhu akbar** at pagkatapos ay iyuyukod ang ulo kasama ng katawan at ilalagay sa mga tuhod ang mga kamay na nakabuka ang mga daliri. Samantalang nakayukod ay nagsasabi ng; **subhāna rabbiya 'l'adhīm¹** سبحان ربي العظيم nang tatlong beses.

9. Iaangat ang ulo [kasama ng katawan] mula sa pagkakayukod habang nagsasabi ng; **sami'a 'llāhu liman ḥamidah²** سمع الله لمن حمده at habang itinataas ang mga kamay [na nakabukas] nang pantay sa balikat. Ang ma'mūm (pinamumunuan ng imām sa ṣalāh) ay magsasabi naman ng; **rabbanā wa laka 'lḥamd³** ربنا ولك الحمد sa halip na **sami'a 'llāhu liman ḥamidah**. Ipatatong ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay na nasa dibdib.

10. Habang nakatayo ay magsasabi ng:

rabbanā wa laka'l

ربنا ولك

¹ Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakadakila.

² Dinidinig ni Allah ang sinumang pumuri sa Kanya.

³ Panginoon namin, ukol po sa Iyo ang papuri.

⁴ Panginoon ko, patawarin Mo po ako, kaawaan Mo po ako, patnubayan Mo po ako, tustusan Mo po ako, pariwasain Mo po ako at palusugin Mo po ako.

h amd, mil' a's	الحمد ملء
s amawāti wa mil'	السموات وملء
a'l ardi wa mil'a	الأرض وملء
mā shi'ta min	ما شئت من
shay' im ba'd. ⁴	شيء بعد.

11. Magpatirapa ng unang pagpapatirapa at magsasabi ng **Allāhu akbar** habang nagpapatirapa. Habang nakapatirapa na, ang pitong bahagi ng katawan ay nakadiit sa lapag: ang noo kasama ng ilong, ang mga palad, ang mga tuhod, at ang dulo ng mga paa. Ilalayo sa gilid ng katawan ang mga braso. Ihaharap ang dulo ng mga daliri ng paa at kamay sa Qiblah. Habang nakapatirapa ay magsasabi ng **subhāna rabbiyal a'la'**¹ سبحان ربي الأعلى
 Ang sunnah ay tatlong ulit itong sasabihin ngunit ipinahihintulot din naman kahit ilang ulit, kahit isang ulit pa.
12. Iaangat ang ulo kasama ng katawan mula sa pagkakapatirapa habang nagsasabi ng **Allāhu akbar**. Uupo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa nang pag-upong Iftirāsh: nakaupo

¹ Kaluwalhatian sa Panginoon ko ang Kataastaasan.

sa kaliwang paa na nakahiga at nakaturo ang mga daliri nito sa gawing kanan samantalang nakatukod ang kanang paa habang nakalagay ang kanang kamay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod at ang kaliwang kamay sa dulo ng kaliwang kamay sa tabi ng tuhod. Samantalang nakaupo na ay magsasabi ng:

Rabbi'gh firli

رب اغفر لي

wa-'rhamnī

وارحمي

wa-'hdinī

واهدني

wa-'rzuqnī

وارزقني

wa-'jburnī

واجبرني

wa-'āfinī¹

وعافني

13. Pagkatapos ay muling magpapatirapa katulad ng sa unang pagpapatirapa sa kung ano ang sinasabi at ginagawa.
14. Babangon mula sa ikalawang pagkakapatirapa habang nagsasabi ng **Allāhu akbar**, at tatayo nang tuwid. Isasagawa ang ikalawang rak'ah na tulad ng sa unang rak'ah sa kung ano ang

¹ Panginoon ko, patawarin Mo po ako, kaawaan Mo po ako, patnubayan Mo po ako, tustusan Mo po ako, pariwasain Mo po ako at palusugin Mo po ako

sinasabi at ginagawa ngunit hindi na bibigkasin ang istiftāh at ang isti'ādah. Pagkatapos ng ikalawang pagkapatirapa ay uupo at bibigkasin ang Unang Tashahhud* at ang Ikalawang Tashahhud. Pagagalawin ang nakaturong kanang hintuturo habang binibigkas ang Shahādah:

ash'hadu allā ilāha	أشهد أن لا إله
illa-'llāh, wa ash'hadu	إلا الله، وأشهد
anna muḥammadan	أن محمدا
'abduhu wa rasūluh.¹	عبده ورسوله.

Ang Unang Tashahhud:

التحيات لله والصلوات والطيبات، السلام عليك أيها النبي ورحمة الله وبركاته، السلام علينا وعلى عباد الله الصالحين، أشهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمدا عبده ورسوله.

attahiyātu lillāhi wa 's salawātu wa 't tayyibāt, assalāmu 'alayka ayyuha 'nnabiyu wa rahmatu 'llāhi wa barakātuh, assalāmu 'alaynā wa 'alā 'ibādi 'llāhi 's sālihīn,

¹ Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

ash'hadu allā ilāha illa 'llāh, wa ash'hadu
anna muḥammadan 'abduhu wa rasūluh.¹

*Tingnan ang Paalaala pagkatapos ng bilang 15.

Ang Ikalawang Tashahhud:

Allāhumma ṣalli 'alā Muhammad wa 'alā
āli Muhammad, kamā ṣallayta 'alā ibrahīm,
wa 'alā āli ibrahīm, innaka hamīdum majīd;
wa bārik 'alā Muhammad, wa 'alā āli
Muhammad, kamā bārakta 'alā ibrahīm,
wa 'alā āli ibrahīm, innaka ḥamīdum majīd;
allāhumma innī a'ūdhu bika min 'adhābi
jahannam, wa min 'adhābil qabri, wa min
fitnatil mahyā wal mamāt, wa min fitnatil
mas'ḥid dajjāl.²

¹ Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabubuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan ay sumaamin nawa at makamit nawa ng matutuwid na mga lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

² O Allah, ipagbunyi Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbunyi Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. Pagpalain Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Impiyerno at laban sa pagdurusa

اللهم صل على محمد وعلى آل محمد، كما صليت على
إبراهيم وعلى آل إبراهيم، إنك حميد مجيد؛ وبارك على محمد
وعلى آل محمد، كما باركت على إبراهيم وعلى آل
إبراهيم، إنك حميد مجيد؛ اللهم إني أعوذ بك من عذاب
جهنم، ومن عذاب القبر، ومن فتنة المحيا والممات، ومن فتنة
المسيح الدجال.

Pagkatapos ng Tashahhud ay manalangin ng anumang maibigan na makabubuti sa Mundo at sa Kabilang-buhay.

15. Pagkatapos ay magsasagawa ng taslīm: magsasabi ng

Assalāmu ‘alaykum wa rah̄matu-‘llāh¹ السلام
عليكم ورحمة الله

habang lumilingon sa kanan at magsasabi muli nito habang lumilingon naman sa kaliwa.

sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

¹ Ang kapayapan ay sumainyo at ang awa ni Allah.

Ang Salāh sa Maghrib

- a) Sa pagsagawa ng salāh sa maghrib, gawin ang tulad sa salāh sa fajr, mula sa bilang 1 hanggang sa bilang 14 subalit hanggang sa unang tashahud lamang.
- b) Habang nakaupo nang pag-upong Iftirāsh, tahimik na bigkasin ang Unang Tashahhud.¹ Dito nagtatapos ikalawang rak'ah.
- c) Pagkatapos ng Unang Tashahhud ay tumayo upang isagawa ang ikatlo na siyang huling rak'ah. Habang tumatayo ay magsabi ng **Allāhu akbar** at itinataas na pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa katapusan ng bilang 15, maliban sa bilang 7.
- d) Sa pagtatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikatlong rak'ah ay magsabi ng **Allāhu akbar** habang itinataas ang katawan at ulo. Maupo

¹ Tingnan ang Unang Tashahhud at ang Ikalawang Tashahhud sa pahina 39 at 40.

nang pag-upong Tawarruk:¹ nakatukod ang kanang paa, nakalabas at maaaring nakaupo sa lapag. Habang nakaupo, ang kanang kamay ay nakalagay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod, at nakakuyom ang mga daliri maliban sa hintuturo na nakaturo habang pinagagalaw. Ang nakabukas na kaliwang kamay naman ay ilagay sa dulo ng kaliwang hita sa tabi ng tuhod.

- e) Habang nakaupo pa rin ay tahimik na bigkasin ang Una at ang Ikalawang Tashahhud.¹ Isagawa ang taslīm sa pamamagitan ng pagsasabi ng *assalāmu ‘alaykum wa rahmatullāh* habang lumilingon sa kanan at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon.

Paalaala: Kapag nagsasagawa ng *salāh* na tatluhang rak‘ah gaya ng *salāh* sa maghrib o apatang rak‘ah gaya ng *salāh* sa *dhuhr* o ‘*asr* o ‘*ishā*’ ay titigil sa katapusan ng Unang Tashahhud at pagkatapos ay babangon upang tumayo habang nagsasabi ng *Allāhu akbar* at ipapantay ang nakabukas na mga kamay sa balikat kapag nakatayo na. Ilalagay ang kanang palad sa likod ng kaliwang kamay na

¹ Ang pag-upong Tawarruk ay ang pinakamainam na pag-upo para sa kanino mang may kakayahing gawin ito

nakatatong sa dibdib habang nakatayo na. Pagkatapos ay isasagawa ang natitira sa *ṣalāh* gaya ng pagsasagawa ng ikalawang rak'ah, subalit bibigkas ng *Sūrah al-Fātihah* lamang habang nakatayo.

Sa Huling Tashahhud ng *ṣalāh* na *dhuhr*, 'aṣr, maghrib at 'ishā' ay uupo ng pag-upong Tawarruk: nakatukod ang kanang paa, nakalabas ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang lulod at maaaring nakaupo sa lapag. Habang nakaupo ay nakalagay ang mga kamay sa mga hita gaya ng pagkakalagay sa unang Tashahhud. Bibigkasin ang Una at Ikalawang Tashahhud sa upong ito at pagkatapos ay magsasagawa ng *Taslīm*.

Ang mga Dhikr Pagkatapos ng Ṣalāh

- *astaghfiru'llāh* (3x).¹ أستغفر الله
- *Allāhumma anta's-salāmu wa minka's-salām, tabārakta yā dha'l-jalāli wa'l'ikrām.*¹

¹ Humihingi ako ng kapatawarin ni Allah (3x).

اللهم أنت السلام ومنك السلام تباركت يا ذا الجلال والإكرام.

- *lā ilāha illa'llāh waḥdahu lā sharīka lah, lahu'l-mulku wa lahu'l-ḥamd, wa huwa 'alā kulli shay'in qadr.*²

لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير.

- *Allāhumma lā māni'a limā a'tayta, wa lā mu'tiya limā mana'ta, wa lā yanfa'u dha'l-jaddi minka'l-jadd.*³

اللهم لا مانع لما أعطيت، ولا معطي لما منعت، ولا ينفع ذا الجد منك الجد.

- *lā hawla wa lā qūwata illā bi'llāh, lā ilāha illa'llāh, wa lā na'budu illā iyyāh, lahu'nni'matu wa lahu'l-fadlu wa lahu'th-thanā'u'l-ḥasan, lā*

¹ O Allah, Ikaw ang Walang-kapintasan at mula sa Iyo ang kapayapaan. Mapagpala Ka, o Ikaw na karapat-dapat sa pagpipitagan at pagpaparantal.

² Walang Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

³ O Allah, walang makapipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapagdudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.

*ilāha illa'llāh mukhlisīna lahu'ddīna wa law kariha'l-kāfirūn.*¹

لا حول ولا قوة إلا بالله، لا إله إلا الله ولا نعبد إلا إياه، له النعمة وله الفضل وله الثناء الحسن، لا إله إلا الله مخلصين له الدين ولو كره الكافرون.

Pagkatapos ng salāh ng fajr at maghrib, kanais-nais na ulitin nang sampung beses ang sumsunod:

• *lā ilāha illa 'llāh, waḥdahu lā sharīka lah, lahu'l-mulku wa lahu'l-ḥamd, yuhyī wa yumīt, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr.*²

لا إله إلا الله، وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد، يحي ويميت، وهو على كل شيء قدير.

Pagkatapos ay bigkasin din ang mga sumusunod:

¹ Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Walang totoong Diyos kundi si Allah, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamagandang-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang totoong Diyos kundi si Allah, wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.

² Walang totoong Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang pupuri. Nagbibigay Siya ng at bumabawi Siya ng buhay, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

- *Subhāna'llāh* (33x) سبحان الله
- *Alhamdu lillāh* (33x) الحمد لله
- *Allāhu akbar* (33x).¹ الحمد لله

*lā ilāha illā 'llāh, waḥdahu lā sharīka lah, lahu'l-mulku wa lahu'l-ḥamd, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr.*²

لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير.

Āyatul Kursī

Allāhu lā ilāha illā huwa'l-ḥayyu'l-qayyūm, lā ta'khudhuhu sinatuw wa lā nawm, lahū mā fi'ssamāwāti wa mā fi'l'ard, man dha'lladhī yashfa'u 'indahu illā bi'idhniḥ, ya'lamu mā bayna aydīhim wa mā khalfahum, wa lā yuhīṭūna bishay'im min 'ilmihī illā bimā shā', wasi'a kursīyuhu 'ssamāwāti wa 'l'ard, wa lā ya'ūduhu

¹ Kaluwalhatian kay Allah (33x). Ang papuri ay ukol kay Allah (33x). Si Allah ay Pinakadakila (33x).

² Walang totoong Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang pupuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

*hifdhuhumā, wa huwa 'l'alīyu 'l'adhīm.*¹

الله لا إله إلا هو الحي القيوم، لا تأخذه سنة ولا النوم، له ما في السموات وما في الأرض، من ذا الذي يشفع عنده إلا بإذنه، يعلم ما بين أيديهم وما خلفهم، ولا يحيطون بشيء من علمه إلا بما شاء، وسع كرسيه السموات والأرض، ولا يؤوده حفظهما، وهو العلي العظيم.

Sūratul Ikhḷās

*bismi 'llāhi 'rrahmāni 'rrahīm, 'qul huwa 'llāhu aḥad, 'allāhu 's samad, 'lam yalid wa lam yūlad, 'wa lam yakul lahū kufuwan aḥad.*²

بسم الله الرحمن الرحيم؛ قل هو الله أحد؛ الله الصمد؛ لم يلد ولم يولد ولم يكن له كفواً أحد.

¹ Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buhay, ang Tagapag-aruga. Hindi Siya natatangay ng antok ni ng pagkatulog. Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya ang makapamamagitan sa Kanya nang walang kapahintulutan Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Wala silang matatalos sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa niloob Niya. Nasaklawan ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Dakila.

² Sa ngalan ni Allah, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. ¹Sabihin mo: "Siyang si Allah ay isa. ²Si Allah ay ang Dulugan. ³Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, ⁴at walang iisa na naging kapantay Niya."

Sūratul Falaq

bismi 'llāhi 'rrahmāni 'rrahīm, ¹qul a'ūdhu birabbi 'lfalaq, ²min sharri mā khalaq, ³wa min sharri ghāsiqin idhā waqab, ⁴wa min sharri 'nnaffāthāti fī'l'uqad, ⁵wa min sharri hāsidiñ idhā hasad.¹

بسم الله الرحمن الرحيم؛ قل أعوذ برب الفلق؛ من شر ما خلق؛ ومن شر غاسق إذا وقب؛ ومن شر النفات في العقد؛ ومن شر حاسد إذا حسد.

Sūratun Nās

bismi 'llāhi 'rrahmāni 'rrahīm, ¹qul a'ūdhu birabbi 'nnās, ²māliki 'nnās, ³ilāhi 'nnās, ⁴min sharri 'lwaswāsi 'lkhannās, ⁵alladhī yuwaswisu fī sudūri 'nnās, ⁶mina 'ljinnati wa 'nnās.²

¹ Sa ngalan ni Allah, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. ¹Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng buwang-liwayway, ²laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya, ³at laban sa kasamaan ng nagdidilim na gabi kapag sumapit ito, ⁴at laban sa kasamaan ng mga mangkukulam na umihip sa mga buhol, ⁵at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag nainggit ito."

² Sa ngalan ni Allah, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. ¹Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao, ²na Hari ng mga tao, ³na Diyos ng mga tao; ⁴laban sa kasamaan ng na palakubli — ⁵na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao — ⁶na kabilang sa mga jinn at mga tao."

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ؛ قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ؛ مَالِكِ النَّاسِ؛ إِلَهِ
النَّاسِ؛ مَنْ شَرَّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ؛ الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ
مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ.⁵

Bibigkasin ang **Āyatul Kursī**, ang **Sūratul Iklās**, ang **Sūratul Falaq** at **Sūratun Nās** sa bawat **ṣalāh**. Kanais-nais na ulitin nang tatlong beses ang tatlong Sūrah na ito pagkatapos ng **ṣalāh** sa fajr at maghrib.

Ang Nahuli sa Ṣalāh

Bubuuhin ang bahagi ng **ṣalāh** na hindi naabutan kasabay ng imām pagkatapos na magsagawa ng taslīm ang imām. Ang maging simula ng **ṣalāh** ay ang rak‘ah na naabutan kasabay ng Imām. Naaabutan ang isang rak‘ah kapag naabutan ang pagyukod (rukū‘) sa rak‘ah ng **ṣalāh** kasabay ng Imām. Subalit kung hindi naabutan kasama ng Imām ang pagyukod sa rak‘ah na iyon, hindi na naabutan o nakasama sa buong rak‘ah ng **ṣalāh** na iyon. Ang Nahuli sa **ṣalāh**, kapag dumating sa masjid, ay dapat na lumahok kaagad sa jamā‘ah maging anuman ang posisyon nila nakatayo o nakayukod o nakapatirapa man sila o maging ano pa man ang ginagawa nila, at hindi na niya hihintayin ang kanilang pagtayo para

sa kasunod na rak'ah. Isasagawa niya ang takbīratul ih̄rām samantalang siya ay nakatayo, maliban na lamang kung may dahilang hindi tumayo gaya ng isang may-sakit.

Ang mga Nakasisira sa Salāh

1. Ang pagsasalita nang sadya kahit kaunti lamang.
2. Ang paglihis ng buong katawan sa pagkakaharap sa Qiblah.
3. Ang pag-utot o paglabas sa katawan ng anumang bagay na nagiging dahilan kung bakit kailangan ang wudū' at ghusl.
4. Ang maraming sunod-sunod na paggalaw na hindi kailangan.
5. Ang pagtawa kahit kaunti lamang.
6. Ang sinasadyang pagpapalabis sa bilang ng pagyukod o pagtayo o pagpapatirapa o pag-upo.
7. Ang sinasadyang pakikipag-unahan sa Imām.

Ang mga Rukn o Saligan ng Salāh

1. Ang pagtayo hangga't makakaya.
2. Ang pagsabi ng takbīratul iḥrām o panimulang takbīr.
3. Ang pagbigkas ng Sūratul Fātīḥah sa bawat rak'ah.
4. Ang pagyukod.
5. Ang pagbangon mula sa pagkakayukod.
6. Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan.
7. Ang pag-angat ng ulo at katawan mula sa pagkakapatirapa
8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa.
9. Ang kapanatagan.
10. Ang pagbigkas ng Huling Tashahhud.
11. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud.
12. Ang dalangin ng pagpapala para sa Propeta (isinama na ito sa Huling Tashahhud).

13. Ang pagsasagawa ng Taslīm.
14. Ang pagkakasunod-sunod.

Ang mga Wājib o Kinakailangan sa Salāh

1. Ang lahat ng takbīr (pagsasabi ng *Allāhu akbar*) maliban sa takbīratul iḥrām.
2. Ang pagsabi ng *subḥāna rabbiyal 'adhīm* habang nakayukod.
3. Ang pagsabi ng *sami'allāhu liman ḥamidah* para sa Mag-isang nagsasagawa ng ṣalāh at para sa imām.
4. Ang pagsabi ng *rabbānā wa lakal ḥamd* matapos iangat ang ulo at katawan mula sa pagkakayuyukod.
5. Ang pagsabi ng *subḥāna rabbiyal a'lā* habang nakapatirapa.
6. Ang pagsabi ng *rabbi'ghfir li* sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa.
7. Ang pagbigkas ng Unang Tashahhud.

8. Ang pag-upo para sa Unang Tashahhud.
9. Ang kapanatagan.
10. Ang pagbigkas ng Huling Tashahhud.
11. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud.
12. Ang dalangin ng pagpapala para sa Propeta (isinama na ito sa Huling Tashahhud).
13. Ang pagsasagawa ng Taslīm.
14. Ang pagkakasunod-sunod.

Ang Pagkakamali sa Salāh

Kapag nagkamali ang isang tao sa kanyang salāh, halimbawa ay may nakaligtaang isang **wājib ng salāh** gaya ng Unang Tashahhud o anumang tulad nito na kabilang sa mga **wājib ng salāh**, siya ay magsasagawa ng **sujūduṣ sahw**—dalawang magkasunod na pagpapatirapa habang nakaupo—bago magsagawa ng Taslim sapagkat ang pagkakamaling ito ay itinuturing na kakulangan sa salāh.

Subalit kapag nakagawa siya ng kalabisan sa salāh, siya ay magsasagawa ng Sujūduṣ Sahw pagkatapos

ng Taslīm at saka magsasagawa muli ng Taslīm. Ngunit kapag may isa sa mga Rukn ng ṣalāh na nakaligtaan, kailangang isagawa ang nakaligtaang **rukṅ** ng ṣalāh¹ at kailangan ding magsagawa ng Sujūdus Sahw bago magsagawa ng Taslīm.

Ang Sujūdus Sahw

Ang Sujūdus Sahw ay dalawang Sujūd (pagpapatirapa) na isinasagawa bago o matapos magsagawa ng taslīm (pagsasabi ng *assalāmu ‘alaykum wa rah̄matullāh*) kapag **nagkamali** o **nagdudang nagkamali** sa pagsasagawa ng ṣalāh. Ganito ang pagsasagawa nito: habang nakaupo ay magpatirapa at sabihin ang *subhāna rabbiyal a‘lā* (3x), iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo at sabihin ang *rabbighfir lī warh̄amanī wahdinī warzuqnī wajburnī wa ‘āfinī*, muling magpatirapa at sabihin ang *subhāna rabbiyal a‘lā wa biḥamdih* (3x), at muling iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo.

Kapag nagkamali ang Imām, tungkulin ng mga pinamumunuan niya na siya ay paalalahanang

¹ Kung naalaala kaagad ang nakaligtaang rukn ng ṣalāh, ngunit kung marami nang kilos ang namagitan kailangang ulitin na ang buong rak‘ah na kinapapalooban ng nakaligtaang rukn ng ṣalāh.

nagkamali sa pamamagitan ng pagsabi ng *subhānallāh*.

1. Kapag ang isa sa mga Wājib sa ṣalāh ay nakaligtaang gawin at naalaala o napaalalahan na gawin iyon, magsasagawa ng Sujūduṣ Sahw **bago magsagawa ng taslīm**.
2. Kapag ang isa sa mga Wājib sa ṣalāh o mga Rukn ng ṣalāh ay **nagawa nang labis** at naalaala o napaalalahan na nagawa iyon, magsasagawa ng Sujūduṣ Sahw **matapos magsagawa ng taslīm at saka muling magsasagawa ng taslīm**.
3. Kapag ang isa sa mga Rukn ng ṣalāh ay **nakaligtaang gawin** at naalaala o napaalalahan na gawin iyon, **kailangang balikan iyon at isagawa** upang maging tanggap ang ṣalāh at saka magsagawa ng Sujūduṣ Sahw **bago magsagawa ng taslīm**.
4. Kapag nagsagawa ng taslīm bago tuluyang nakumpleto ang mga rak‘ah ng ṣalāh at naalaala o naipaalaala nang maaga ang tungkol doon, isasagawa ang nakaligtaang rak‘ah, magsasagawa ng taslīm pagkatapos niyon, magsasagawa ng Sujūduṣ Sahw, at muling magsasagawa ng taslīm.

Halimbawa: dalawang rak'ah pa lamang ng ṣalāh sa 'asr ang natapos ngunit nagsagawa na ng taslīm sa pag-aakalang natapos na ang apat na rak'ah, kapag naalaala o napaalalahan nang maaga tungkol doon ay isasagawa ang dalawang nakaligtaang rak'ah, magsasagawa ng taslīm pagkatapos niyon, magsasagawa ng Sujūduṣ Sahw, at muling magsasagawa ng taslīm.

5. Kapag nagduda kung ilan ang rak'ah ng ṣalāh na natapos — halimbawa'y kung dalawa ba o tatlong rak'ah na ang natapos sa ṣalāh sa dhuhr— ang pipiliin ay ang pinakamababang bilang ng rak'ah. Kaya batay sa ating halimbawa ay ituturing na dalawang rak'ah ang natapos. Ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng ṣalāh at magsasagawa ng Sujūduṣ Sahw bago magsagawa ng taslīm. Kapag nagduda kung ilan ang rak'ah ng ṣalāh na nagawa — halimbawa ay kung dalawa ba o tatlong rak'ah na ang natapos sa ṣalāh sa ishā'— ngunit kung mas matimbang sa palagay na tatlong rak'ah ang natapos, ituturing na tatlong rak'ah ang natapos. Ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng ṣalāh. Pagkatapos magsasagawa ng taslīm ay magsasagawa ng Sujūduṣ Sahw at muling magsasagawa ng taslīm.

Mga Uri ng Salāh

Ang Fard na Salāh

Ang salāh na Fard ay salāh na kailangang isagawa at nagkakasala ang Muslim na hindi nagsagawa nito. Ang bawat mananampalataya ay inaatasan ni Allāh na gampanan ang limang obligadong salāh. Ang pag-iwas at hindi pagtupad sa tungkuling magsagawa ng salāh, kahit isa man lamang sa limang obligadong salāh ay isang malaking kasalanan at may katapat na kaparusahan.

Ang mga Sunnah Rātibah

Ang salāh na Sunnah ay salāh na isinasagawa nang kusang-loob, hindi obligado, at hindi nagkakasala ang hindi nagsagawa nito. Ginagawa ito noon ni Propeta Muhammad (SAS) bago o matapos gawin ang Fard na salāh. Ang salāh na ito ay tinatawag din na Rātibah o Nafl. Ginagawa rin ito ng Propeta (SAS) sa mga natatangi at pambihirang pagkakataon. Ang salāh na Sunnah ay binubuo ng dalawang rak'ah at ginagawang katulad ng fajr, kaya nga lamang ay hindi binibigkas nang malakas ang Sūratul Fātīhah at ang mga talata ng Qur'ān.

Kanais-nais para sa bawat Muslim at Muslimah na panatilihin ang pagsasagawa ng 12 rak'ah na sunnah Rātibah kapag hindi naglalakbay: apat na rak'ah bago isagawa ang ṣalāh sa dhuhr at dalawang rak'ah pagkatapos nito, dalawang rak'ah pagkatapos ng ṣalāh sa maghrib, dalawang rak'ah pagkatapos ng ṣalāh sa 'ishā' at dalawang rak'ah bago mag ṣalāh sa fajr sapagkat ang Propeta (SAS) ay nagpapanatili noon sa pagsasagawa ng mga ito. Nagsabi siya:

“Ang sinumang magsagawa ng labindalawang rak'ah sa kanyang araw at gabi bilang pagkukusang-loob, gagawan siya ng bahay sa Paraiso.”

Sunnah rin para sa isang Muslim na magsagawa ng ṣalāh na Witr, na isinasagawa sa pagitan ng pagkatapos ng ṣalāh sa 'ishā' hanggang sa bago magmadaling-araw. Ang Witr at sunnah Rātibah sa fajr ay kabilang sa mga sunnah na palaging isinasagawa noon ng Sugo (SAS), naglalakbay man siya o hindi naglalakbay.

Ang ṣalāh na witr ay isang ṣalāh na hiwalay sa ibang ṣalāh. Ito ay maaaring gawin sa anumang oras pagkatapos ng 'ishā' hanggang sa pagsapit ng buking-liwayway. Maaaring ito ay isang rak'ah lamang subalit maaari ring 3 o 5 o 7 o 9 na rak'ah.

Ang lahat ng bilang na ito ay sinang-ayunan ni Propeta Muhammad (SAS) gaya ng isinasaad ng mga Hadīth.

Ang Salāh sa Jumu'ah

Ang salāh sa jumu'ah ay binubuo ng dalawang rak'ah na pinangungunahan ng isang Imām at idinadaos sa masjid tuwing Biyernes, sa oras ng dhuhr pagkatapos ng khuṭbah o sermon. Sa sandaling mag-umpisa na ang khuṭbah, ang lahat ay kailangang makinig nang tahimik. Kung dumating nang huli sa masjid, at ang naabutan ay isang rak'ah na lamang, kailangang kumpletuhin ang natitirang rak'ah. Kung huling-huli na nang dumating at hindi na naabutan ang ikalawang pagyukod o ang salāh sa jumu'ah mismo, kailangang magsasagawa na lamang ng salāh sa dhuhr na binubuo ng apat na rak'ah. Ang salāh sa jumu'ah ay kapalit ng dhuhr, kaya nga lamang ay binibigkas nang malakas ng Imām ang Sūratul Fātiḥah at ang mga talata ng Qur'ān. At kung nakapag- salāh na ng salāh sa Jumu'ah ay hindi na kailang mag- salāh pa ng salāh sa dhuhr.

Ang Salāh ng Musāfir

Ang isang tao ay itinuturing na musāfir kung siya ay pumunta sa isang lugar na ang layo sa kanyang tirahan ay hindi bababa sa 80 kilometro. Ipinahihintulot at itinatagubilin sa kanya na paikliin ang kanyang salāh na binubuo ng tig-aapat na rak'ah: ang dhuhr, 'asr, at ishā'. Maaari ring pagsamahin ang dhuhr at 'asr, ang maghrib at ishā', kung talagang kailangan. Subalit kung hindi naman talagang kailangan at hindi rin makabibigat sa paglalakbay, higit na mabuting huwag na lamang pagsamahin ang mga salāh. Kung ang isang musāfir ang siyang Imām ng salāh, lalong mainam na paikliin niya ang kanyang salāh. At gayundin ang dapat gawin ng mga taong pinangungunahan niya sa salāh na mga musāfir din na katulad niya, paikliin din nila ang kanilang salāh. Ang mga dumadalo naman sa salāh na mga hindi musāfir ay tatayo sila pagkatapos magsagawa ang Imām ng taslīm at magpapatuloy upang kumpletuhin ang mga natitirang rak'ah.

Kung ang isang musāfir ay dumalo sa salāh na ang Imām hindi musāfir, hindi niya maaaring paikliin ang kanyang salāh, at kailangang sumabay siya sa kanilang salāh. Kung nais niyang tumigil pansamantala nang hindi hihigit sa tatlong araw at

tatlong gabi sa ibang bayan na ang layo mula sa kanyang bayan ay 80 kilometro o higit pa, maaari rin niyang paikliin at pagsamahin ang mga ṣalāh. Subalit kung naririnig niya ang Adhān (panawagan ng pagsasagawa ng ṣalāh) sa masjid na malapit sa kanya sa bayan na iyon, kailangang isagawa niya ang ṣalāh sa masjid.

Kung hindi tiyak ng isang musāfir kung ilang araw siyang mamamalagi sa ibang bayan, maaari niyang paikliin ang kanyang ṣalāh hanggang hindi siya nakabalik sa kanyang bayan. Higit na mabuting hindi na rin niya gawin ang mga Sunnah na ṣalāh, na ginagawa bago o matapos ang bawat obligadong ṣalāh, maliban sa dalawang rak'ah na Sunnah, na ginagawa bago isagawa ang fajr. Ang ṣalāh na witr ay dapat ding gawin kahit naglalakbay sapagkat ginagawa ito noon ng Propeta (SAS) kapag siya ay naglalakbay.

Ang Pagsasama at Pagpapaikli ng mga Ṣalāh

Tulad ng nabanggit, maaaring pagsamahin ang mga ṣalāh. May Dalawang uri ng pagsasama ng ṣalāh: ang taqdīm at ang ta'khīr. Isinasagawa ang taqdīm (pagpapauna) sa pamamagitan ng kaagad na pagsasagawa ng 'asr pagkatapos ng dhuhur sa oras ng

dhuhr at ng ishā' pagkatapos ng maghrib sa oras ng maghrib. Isinasagawa ang ta'khīr (pagpapaliban) sa pamamagitan ng pagpapaliban sa pagsasagawa ng dhuhr upang isagawa sa oras ng 'asr bago isagaw ang 'asr at pagpapaliban ng pagsasagawa ng maghrib upang isagawa sa oras ng ishā' bago isagawa ang ishā'. Ang pagsasama ng ṣalāh ay karaniwang ginagawa kapag may ulan at mahirap ang pagpunta sa masjid. Pinagsasama rin ang mga ṣalāh kapag maglalakbay ang isang musāfir at maaari pa itong paikliin.

Ang pagpapaikli ng ṣalāh ay ginagawa lamang kapag ang isinasagawang ṣalāh ay ang ṣalāh ng musāfir na ating tinalakay. Ang pinaikling anyo ng dhuhr, 'asr, at ishā' ay binubuo ng tigdadalawang rak'ah. Ang maghrib ay hindi maaaring paikliin. Ang fajr ay hindi rin maaaring paikliin o isama sa alin mang ṣalāh ni ipagpaliban kapag oras nang gawin ito.

Ang Pagsasagawa ng Tahārah ng May-sakit

1. Ang taong may-sakit ay obligado pa ring magsagawa wuḍū' o ghusl kung kinakailangan.

2. Kung hindi maaaring gumamit ng tubig sanhi ng kahinaan o pangamba na baka lumala o maantala ang paggaling ng sakit, maaaring magsagawa ng tayammum.
3. Kung hindi kaya ng may-sakit na magsagawa ng tahārah, maaaring ang ibang tao ang magsagawa para sa kanya ng wudū' o tayammum.
4. Kailangang hugasan pa rin ang bahagi ng katawan na may sugat kung ang bahaging iyon ay kailangang hugasan. Subalit kung ang paghuhugas sa bahaging iyon ay makasasama sa isang may-sakit, kailangang haplusin na lamang iyon ng basang kamay. Kung ang paghahaplos sa bahaging iyon ay makasasama pa rin, kailangang magsagawa ng wudū' na gaya ng sa karaniwan pero hindi na huhugasan o hahaplusin ng basang kamay ang bahaging iyon. Pagkatapos magsagawa ng wudū', kailangang magsagawa pa ng tayammum.
5. Kapag magsasagawa ng wudū' ang benda ng pilay o sugat ay kailangang haplusin lamang ng basang kamay sa halip na hugasan.
6. Ang katawan o mga kasuutan o lugar na pagdarasalan ay kailangang malinis at walang

najāsah. Kung ang alin man sa mga nabanggit ay nagkaroon ng najāsah, kailangang linisin ito bago magsagawa ng ṣalāh. Kung hindi kayang linisin o alisin ang najāsah, maaari pa ring magsagawa ng ṣalāh.

7. Ang ṣalāh ay dapat gawin sa takdang oras nito at hindi dapat ipagpaliban dahil lamang sa hindi makapagsagawa ng wudū'. Sa halip, dapat pang sikapin na magsagawa ng wudū' sa abot ng makakaya. Kahit na may najāsah pa sa damit na hindi maalis, kailangang magsagawa pa rin ng ṣalāh.

Ang Pagsasagawa ng Ṣalāh ng May-sakit

1. Dapat magsagawa ng ṣalāh ang may-sakit nang nakatayo, kahit pa nakabaluktot ang likod o nakasandal sa dingding o nakahawak sa tungkod.
2. Kung hindi kayang tumayo, maaari magsagawa ng ṣalāh nang nakaupo.
3. Kung hindi kayang magsagawa ng ṣalāh na nakaupo, maaaring magsagawa ng ṣalāh na nakahiga na nakatagilid at nakaharap sa Qiblah. Lalong mainam kung ang kanang tagiliran ng katawan ang siyang nakalapat sa higaan o lapag.

Kung hindi magawang humarap sa Qiblah, maaari pa ring magsagawa ng *ṣalāh* kahit saan man nakaharap.

4. Kailangang magsagawa ng pagyukod at pagpapatirapa ang may-sakit kapag nagsasagawa ng *ṣalāh*. Subalit kung hindi kayang magsagawa ng pagyukod at pagpapatirapa, iyuyuko na lamang ang ulo bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa. Ang pagyuko ng ulo bilang tanda ng pagpapatirapa ay kailangang mas mababa kaysa pagyuko ng ulo bilang tanda ng pagyukod. Kung kayang magpatirapa ngunit hindi kayang yumukod, magpapatirapa para sa pagpapatirapa at iyuyuko naman ang ulo bilang tanda ng pagyukod. Kung kayang yumukod ngunit hindi kayang magpatirapa, yuyukod para sa yukod at iyuyuko naman ang ulo bilang tanda ng pagpapatirapa.
5. Kung hindi kayang iyuko ang ulo bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa, maaaring ipahiwatig iyon sa pamamagitan ng mata. Pipikit nang bahagya bilang tanda ng pagyukod at pipikit nang higit pa bilang tanda naman ng pagpapatirapa. Ang pagpapahiwatig sa pamamagitan ng daliri bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa ay walang batayan sa Islam.

6. Kung hindi kayang iyuko ang ulo o ipikit ang mata bilang tanda ng pagpapatirapa at pagyukod, kailangang magsagawa ng ṣalāh sa pamamagitan ng isipan. Bibigkasin ang *Allāhu akbar*, at ang mga kinakailangang bigkasin, at isasaisip naman ang mga kilos at gawain sa ṣalāh gaya ng pagpapatirapa, pagyukod, at iba pa.
7. Kailangang isagawa ng may-sakit ang bawat ṣalāh sa takdang oras at kailangan ding gawin sa abot ng makakaya ang mga kailangang gawin sa ṣalāh. Subalit kung mahirap gawin ang bawat ṣalāh sa takdang oras nito, maaaring pagsamahin ang dhuhr at 'asr, at ang maghrib at ishā'. Maaaring gawin ang taqdīm o ang ta'khīr.

Ang Ṣalāh sa Janāzah

Ang ṣalāh sa janāzah o dasal para sa patay ay ang ṣalāh na isinasagawa para sa isang yumaong Muslim. Karapatan ng isang Muslim, kapag namatay siya, na dasalan ng ibang mga Muslim. Kailangang isagawa ang ṣalāh sa janāzah sa isang jamā'ah sapagkat higit na malaki ang gantimpalang tatamuhin buhat kay Allāh kapag ginawa ito. Maaari rin itong isagawa sa iba't-ibang jamā'ah. Ang bawat

kongregasyon ay nararapat na binubuo ng pangkat ng mga taong iba kaysa ibang jamā'ah. Ang bangkay ay ilalagay nang pahalang sa Qiblah, sa harap ng Imām. Ang Imām ay tatayo sa gilid ng bangkay, sa tabi ng ulo at balikat kung ang patay ay isang lalake; at sa tabi ng baywang kung ang patay ay isang babae. Ang mga taong nagsisidalo naman ay nakatayong lahat sa likuran ng Imām. Ang *ṣalāh* sa janāzah ay ginagawa nang nakatayo mula sa umpisa hanggang sa katapusan.

Ang Pagsasagawa ng Salāh sa Janāzah:

1. Bigkasin ang *Allāhu akbar* habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.
2. Bigkasin ang Sūratul Fātiḥah.
3. Pagkatapos ng Sūratul Fātiḥah, muling bigkasin ang *Allāhu akbar* habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.
4. Bigkasin nang tahimik ang sumusunod:

allāhumma ṣalli ‘alā Muḥammadin wa ‘alā āli Muḥammad, kamā ṣallayta ‘alā Ibrāhīma wa ‘alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd; wa bārik ‘alā Muḥammadin wa ‘alā āli Muḥammad, kamā bārakta ‘alā Ibrāhīma wa ‘alā āli Ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd.

5. Pagkatapos nito, muling bigkasin ang *Allāhu akbar* habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

6. Bigkasin ang panalanging ito:

allāhummagfir lih̄ayyinā wa mayyitinā, wa shāhidinā wa ghā'ibinā, wa ṣagħīrinā wa kabīrinā, wa dhakarīnā wa unthānā, allāhumma man ahyaytahu minnā fa ahyihī ‘alal islām, wa man tawaffaytahu minnā fatawaffahu ‘alal tmān, allāhumma lā tahrīmnā ajrahu wa lā tudillanā ba‘dah.

اللهم اغفر لحينا وميتنا، وشاهدنا وغائبنا، وصغيرنا وكبيرنا،
وذكرنا وأثانا، اللهم من أحييته منا فأحيه على الإسلام، ومن

توفيته منا فتوفه على الإيمان، اللهم لا تحرمنا أجره ولا تضلنا
بعده.

O Allāh, patawarin Mo po ang nabubuhay pa sa amin at ang namatay na sa amin, ang naririto ngayon sa amin at ang wala ngayon sa amin, ang bata sa amin at ang matatanda sa amin, ang lalake sa amin at ang babae sa amin. O Allāh, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo po siya sa Islam. Ang babawian Mo po sa amin ng buhay ay bawian Mo po ng buhay na may pananampalataya. O Allāh, huwag Mo pong ipagkait sa amin ang gantimpala *dahil sa pagkamatay* niya at huwag Mo po kaming iligaw ngayong wala na siya.

7. Pagkatapos ng panalanging ito, muling bigkasin ang *Allāhu akbar* habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.
8. Manatiling tahimik sa loob ng ilang segundo.
9. Ilingon ang mukha sa kanan habang binibigkas ang *assalāmu ‘alaykum wa rahmatullāh*.

Ang mga Kabulugan ng mga Panalangin

- ***Allāhu akbar:***
Si Allāh ay Pinakadakila.
- ***subhānakallāhumma wa biḥamdika wa tabārakasmuka wa ta'ālā jadduka wa lā ilāha ghayruk:***
Kaluwalhatian sa Iyo, o Allāh, at pagpupuri sa Iyo. Mapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos maliban sa Iyo.
- ***a'ūdhu billāhi minash shayṭānir rajīm:***
Nagpapakupkop ako kay Allāh laban kay Satanas na isinumpa.
- **Ang kahulugan ng Sūrah al-Fātihah:**
¹Sa ngalan ni Allāh, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. ²Ang lahat ng papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang; ³Ang Pinakanaaawa, ang Maawain, ⁴Ang Nagmamayari ng Araw ng Paggagantimpala. ⁵Sa Iyo po lamang kami sumasamba at sa Iyo po lamang kami nagpapatulong. ⁶Patnubayan Mo po kami sa tuwid na landasin: ⁷ang landasin nilang

biniyayaan Mo, hindi nilang kinagalitan at hindi ng mga naliligaw. (Amen)

- ***subhāna rabbiyal ‘adhīm:***
Kaluwalhatian sa Panginoon ko ang Pinakadakila.
- ***sami‘allāhu liman hamidah:***
Dinidinig ni Allāh ang sinumang pumuri sa Kanya.
- ***rabbānā wa lakal hamd, mil’as samāwāti wa mil’al arđi wa mil’a mā shi’ta min shay’im ba’d.***
Panginoon namin, ukol po sa Iyo ang papuri, sa abot ng ikapupuno ng mga langit, sa abot ng ikapupuno ng lupa at sa abot ng ikapupuno ng anumang bagay na loobin Mo pagkatapos.
- ***subhāna rabbiyal a‘lā:***
Kaluwalhatian sa Panginoon ko ang Kataastaasan.
- ***rabbighfir li warhamni wahdinti warzuqni wajburni wa ‘āfinti:***
Panginoon ko, patawarin Mo po ako, kaawaan Mo po ako, patnubayan Mo po ako, tustusan Mo po ako, pariwasain Mo po ako at palusugin Mo po ako.

• **Ang kahulugan ng Unang Tashahhud:**

Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, at ang mga dasal at mga mabubuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allāh at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan ay sumaamin nawa at makamit nawa ng matutuwid na mga lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Allāh, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

• **Ang kahulugan ng Ikalawang Tashahhud:**

O Allāh, ipagbunyi Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbunyi Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. Pagpalain Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Impiyerno at laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

- *assalāmu ‘alaykum wa rahmatullāh:*
Ang kapayapan ay sumainyo at ang awa ni Allāh.

Gabay sa Pagbigkas

Ang Transliterasyon ay ang pagbabaybay sa isa pang alpabeto, halimbawa ay sa alpabetong Ingles, ng salitang nakasulat sa ibang alpabeto, halimbawa ay sa alpabetong Arabe. Ang gagamitin nating sistema ng Transliterasyon sa aklat na ito ay hindi nangangakong ang lahat ng tunog sa alpabetong Arabe ay matutumbasan nang tumpak. Gayon paman inaasahang kahit papaano’y makatutulong ito upang mapalapit sa tama ang pagbigkas ng mga kataga at mga terminolohiyang Arabe na ginamit sa aklat na ito. Ang mga titik arabe na may katumbas sa Tagalog ay hindi na tatalakayin. Ang **digraph**: pinagsamang dalawang patanig ay kumakatawan sa isang tanging tunog. Halimbawa ang **ng** at **sh** ay mga tanging tunog at hindi kombinasyon ng tunog ng **n** at **g**, at **s** at **h**.

-
- a Maiksing a gaya ng a ng *ako* at *damo*
 - i Maiksing i gaya ng i ng *ikaw* at *nila*
 - u Maiksing u gaya ng u ng *ulan* at *buto*
 - ا ā Mahabang a gaya ng a ng *akin* at *kahoy*
 - ي ī Mahabang i gaya ng i ng *ibon* at *dila*
 - و ū Mahabang u gaya ng u ng *ulo* at *puso*
 - ج j Gaya ng j ng *jack* at hindi gaya j ng *juan*
 - ز z Gaya ng z ng *zoo* at hindi gaya ng s
 - ف f Gaya ng f ng *fan* at hindi gaya ng p
 - ث th Gaya ng th ng *thin* at hindi gaya ng t
o s
 - ذ dh Gaya ng th ng *that* at hindi gaya ng d
o z
 - ش sh Gaya ng sh ng *ship* at hindi gaya ng s
 - ء ' Kumakatawan sa impit na tunog
(glottal stop) na tulad ng

naririnig kapag binigkas ang **i** ng **basain** at ang **a** ng **hiwa**. Ginagamit din sa paghihiwalay sa magkasunod na katinig at patinig, o dalawang katinig. Halimbawa: ang **is'al** ay babasahin na **is-al** at hindi **i-sal**; ang **mi'ah** ay babasahin na **mi-ah** at hindi **miyah**.

Ginagamit sa **paghihiwalay** ng magkasunod na titik upang hindi pagkamalang isang digraph. Halimbawa: ang **as'har** ay babasahin na **as-har** at hindi **a-shar**; ang **ashar** ay babasahin na **a-shar** at hindi **as-har**.

Ang mga titik na walang katumbas sa Ingles o Tagalog.

- | | | |
|---|----|--|
| ع | ' | Hawig sa impit na tunog ngunit higit na maragsa; |
| خ | kh | Parang pinagsamang k at h ; |
| ق | q | Parang k ngunit ang dila ay nakaakmang bibigkas ng g |
| غ | gh | Parang pinagsamang g at h ; |

-
- | | | |
|---|-----------|---|
| ح | <u>h</u> | Parang h subalit higit na maragsa; |
| ص | <u>s</u> | Parang s na mariin; |
| ض | <u>d</u> | Parang d na mariin; |
| ط | <u>t</u> | Parang t na mariin; |
| ظ | <u>dh</u> | Parang dh na mariin; |

MGA NILALAMAN

1	Ang Taharah at ang Najasah	3
2	Ilang alituntunin hinggil sa Najasah	4
3	Mga paraan ng pag-alis ng najasah	6
4	Ilang kaasalan sa paggamit ng palikuran	7
5	Ang Wudhu	9
6	Pamamaraan ng pagsagawa ng wudhu	10
7	Ang pagpunas ng medyas	12
8	Ang nakapagpapawalang-bisa ng wudhu	13
9	Mga gawaing di-nakakasira ng wudhu	13
10	Ang walang tigil na pagkasira ng wudhu	14
11	Ang ghusl	14
12	Ang ipinagbabawal sa Junub	16
13	Kailan kanais-nais ang ghusl	17
14	Mga kailangan sa pagsasagawa ng ghusl	18

15	Mga gawaing kanais-nais sa ghusl	18
16	Mga tagubilin sa pagsagawa ng ghusl	19
17	Ang regla	19
18	Ang nifas	20
19	Ang Istihadah	20
20	Ang bawal kapag may regla o nifas	22
21	Ang sunanul-fitrah	23
22	Ang tayammum	24
23	Ang pagsagawa ng tayammum	25
24	Ang mga alintuntunin sa salah	27
25	Ang mga oras ng salah at bilang ng rak'ah	28
26	Ang ibadat at ang mu'amalat	29
27	Bakit kailangan magsagawa ng salah	30
28	Ang kasuutan sa pagsagawa ng salah	32
29	Ang pagsasagawa ng salah na may dalawang rak'ah	33
30	Ang unang tashahhud	39
31	Ang ikalawang tashahhud	40

32	Ang salah sa magrib	42
33	Ang mga dhikr pagkatapos ng salah	44
34	Ang nahuhuli sa salah	50
35	Ang nakakasira sa salah	51
36	Ang mga saligan (rukn) ng salah	52
37	Ang mga wajib sa salah	53
38	Ang pagkakamali sa salah	54
39	Ang sujud sahw	55
40	Ang mga uri ng salah	58
41	Ang salah sa Jumu'ah	60
42	Ang salah ng musafir	61
43	Ang pagsasama at pagpapaikli ng salah	62
44	Ang pagsasagawa ng taharah ng may-sakit	63
45	Ang pagsasagawa ng salah ng may-sakit	65
46	Ang salah sa Janazah	67
47	Ang pagsasagawa ng salah sa Janazah	68
48	Ang kahulugan ng panalangin	71

49	Ang Kahulugan ng unang tashahhud	73
50	Ang kahulugan ng ikalawang tashahhud	73
51	Ang gabay sa pagbigkas	74

الطهارة والصلاة

بمؤلفة الطائفة (تاغلورغ)

إعداد

شعبة توعية الجاليات في الزلفي

وَكَايَاتُ الطَّيِّبَاتِ فِي الْجَمْعِ الْعَلِيِّ
وَرَأَى الشُّبُورَ الْإِسْلَامِيَّةَ الْوَقُوفَ الدَّعْوَةَ وَالْإِسْلَامِيَّةَ
الْمَلِكِيَّةَ بِالْعَرَبِيَّةِ السُّعُودِيَّةِ

١٤٣٤ هـ